Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-30 NG MARSO, 2000, HUWEBES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar .......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Edgardo T. Forca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

DI-DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO .......... PANG. PUNONG BAYAN
on leave
Kgg. Ariel T. Magcalas .......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ...... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 116-T´2000

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. JINGGOY ESTRADA, PANGULO, LIGA NG MGA PUNONG BAYAN SA BANSA NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG ISANG YUNIT NG TRAK NA PAMATAY-SUNOG PARA SA KAPAKANANG PANGKALIGTASAN AT PANG-KAGALINGAN NG BAYANG ITO.-**

**SAPAGKA´T,** matapat na hangarin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na magkaroon ng sapat na mga kagamitang makatutugon sa pangangalaga ng buhay ng mga mamamayan sakaling dumating ang anumang kalamidad;

**SAPAGKA´T,** bilang kapital na bayan sa lalawigan ng Laguna, nangangailangan ng karagdagang yunit ng trak ng pamatay-sunog upang mapaglingkuran ang may humigit-kumulang 90,000 bilang ng mga mamamayang naninirahan sa bayang ito;

**SAPAGKA´T,** isang trak ng pamatay sunog ang nakatalaga sa bayang ito na tumatakbo at ang isa ay sira na;

**KUNG KAYA´T, DAHIL DITO,** sa kagalingang pampamayanan, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison, Louie C. de Leon at Jaime Alexander T. Calupitan at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na mapitagang humiling sa Kgg. Jinggoy Estrada, Pangulo, Liga ng mga Punong Bayan sa Bansa na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng isang yunit ng trak na pamatay sunog para sa kapakanang pangkaligtasan at pangkagalingan ng bayang ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Jinggoy Estrada, Pangulo, Liga ng mga Punong Bayan sa Bansa, San Juan, Metro Manila; Kgg. Punong Bayan at Kawanihan ng Pamatay Sunog, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nilalaman sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan